NEBRASKA
Good Life. Great Mission.

# Mga Kamera sa mga Lugar kung saan isinasagawa ang HCBS

Ayon sa Pinal na Patakaran ng Home and Community-Based Services (HCBS), dapat tiyakin ng mga estado ang karapatan ng indibidwal sa pagiging pribado, dignidad, at paggalang sa lahat ng lugar kung saan isinasagawa ang mga serbisyo ng HCBS. Ang pagkakaroon ng mga camera ay dapat na masuri upang matiyak ang pagsunod sa Pinal na Patakaran ng HCBS at sa mga panuntunan ng Dibisyon ng Kapansanan sa Pag-unlad o (DDD) na may kaugnayan sa mga karapatan ng kalahok.

Kung hindi ka sigurado kung maaari kang gumamit ng mga kamera sa mga Lugar kung saan isinasagawa ang HCBS, mangyaring makipag-ugnayan sa Tagapag-ugnay ng Serbisyo o (SC) ng kalahok.

## Pangkalahatang Mga Kinakailangan.

A. Ang paggamit ng kamera sa mga lugar kung saan walang makatwirang inaasahan ng pagiging pribado, gaya ng labas ng tirahan, sa opisina ng kawani, o sa mga pampublikong lugar ng isang pasilidad ng pang-araw na serbisyo, ay hindi itinuturing na limitasyon sa mga karapatan at maaaring gamitin alinsunod sa Pinal na Patakaran ng HCBS.

B. Ang paggamit ng kamera para sa pagbibigay ng tulong na malayuan o gamit ang teknolohiya ay hindi itinuturing na limitasyon sa mga karapatan at naaayon sa Pinal na Patakaran ng HCBS, kung ang mga kamera ay ginagamit ayon sa pagpili ng kalahok at upang itaguyod ang higit na kasarinlan.

  1. Ang isang kalahok ay kailangang **pumili** na magkaroon ng mga kamera sa kanilang tahanan. Ang pagpipiliang ito ay dapat na idokumento sa kanilang Plano na Nakatuon sa Tao o (PCP) at ang tagapagbigay ay dapat magkaroon ng isang plano at/o mga patakaran upang matiyak ang mga karapatan ng kalahok sa pagiging pribado, dignidad, at paggalang.
     a. Kapag ang isang kalahok ay hindi makapagbigay ng pahintulot sa paggamit ng mga kamera, hindi maaaring gamitin ang mga kamera para sa tulong gamit ang teknolohiya.
     b. Maaaring magbago ang isip ng isang kalahok tungkol sa paggamit ng mga kamera sa tagpo anumang oras.
  2. Ang paggamit ng mga kamera bilang tulong gamit ang teknolohiya ay dapat:
     a. Dapat ito ay nakasentro sa tao at tumutulong na maging bahagi siya ng komunidad, hindi iyong nagiging dahilan para mawalay siya sa komunidad o hindi makihalubilo sa ibang tao.
     b. Papayagan lamang sa mga sitwasyon kung saan ang kalusugan at kaligtasan ng kalahok ay hindi malalagay sa panganib.
     c. Dapat nakasulat nang malinaw sa PCP, kasama ang pagpapaliwanag kung paano matutugunan ang mga pangangailangan ng kalahok.

C. Ang paggamit ng kamera sa mga lugar kung saan ang kalahok ay may inaasahan ng pagiging pribado, gaya ng karaniwang mga lugar na tinitirahan nila, ay hindi pinapayagan maliban na lamang kung pinahintulutan ito ng kalahok, ng kanilang Plano na Nakatuon sa Tao o (PCP) na koponan, at ng Komite sa Pagsusuri sa Karapatang Pantao at Legal ng Tagapagbigay ng Serbisyo o (HLRC).

  1. Hindi pinapayagan ang mga video camera/monitor sa mga silid-tulugan at banyo.
  2. Karagdagang impormasyon tungkol sa mga limitasyon sa karapatan ay makikita sa:
     a. Kabanata 3 ng Manwal ng Patakaran para sa Tagapagbigay ng DD HCBS;
     b. Ang flowchart para sa Pagtukoy ng Pagbabawal sa Psychotropic Medication;
     c. Ang flowchart para sa Pagtukoy sa Pagbabawal ng mga Interbensyon na Hindi Panggagamot;
     d. Mga mapagkukunan hinggil sa mga Karapatan at Paghihigpit; at

e. Mga halimbawa ng Karapatan at limitasyon.

## Mga Kinakailangan para sa Tagapagbigay

Kapag ang paggamit ng kamera ay naaayon sa Pinal na Patakaran ng HCBS at sa mga itinakdang kinakailangan ng DDD, kailangang matugunan din ng mga tagapagbigay ang mga sumusunod na kinakailangan.

A. Ang tagapagbigay ay may pananagutan na tiyaking ang mga kamerang ginagamit ay sumusunod sa Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA) at sa Health Information Technology for Economic and Clinical Health (HITECH) Act.

B. Hindi maaaring gamitin ang mga kamera upang bantayan o subaybayan ang mga indibiduwal, para sa kaginhawahan ng mga kawani, o upang palitan ang mga kawani.

C. Kapag ginagamit ang mga kamera, ang tagapagbigay ay dapat:

1. Magkaroon ng malinaw, nakikitang karatula sa lugar na nagsasaad na may ginagamit na video at/o audio na teknolohiya para sa mga layunin ng pagsubaybay o pag-record; at
2. Bago gamitin ang mga kamera, dapat may nakahandang mga patakaran at pamamaraan na ipinamamahagi at tumutugon sa mga sumusunod:
    a. Lokasyon ng lahat ng mga kamera para sa pagmamanman;
    b. Kung paano ligtas na itatago at maiimbak ang mga recording hanggang sa ito ay itapon o sirain;
    c. Ang pamamaraan kung paano maingat na itatapon o wawasakin ang mga rekording pagkatapos ng isang makatuwirang haba ng panahon; at
    d. Sino ang magkakaroon ng akses sa kagamitan at sa anumang mga recording.

## Pagkuha ng Pahintulot

A. Ang porma ng pahintulot ay maaaring nakapaloob sa kasunduan ng residente o hiwalay na porma.

B. Dapat isama sa pahintulot ang mga sumusunod:

1. Ang lokasyon ng lahat ng mga kamera;
2. Ang mga dahilan kung bakit nagaganap ang pagsubaybay/pagrekord;
3. Kung kailan maaaring ilabas ang mga audio/video recording at para sa anong mga layunin;
4. Isang pahayag na tanging ang angkop na mga tauhan lamang ang may akses sa kagamitan at mga recording; at
5. Ang haba ng panahon ng pagtatago ng mga audio/video recording.